

Lawak ng Paggamit ng Teknik sa Pamamahala ng Silid-Aralan ng mga Guro at Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Filipino

JERALYN S. ENDRINO

Teacher III

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

jonalyn.ondrino@deped.gov.ph

Abstract — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng lawak ng paggamit ng teknik sa pamamahala ng silid-aralan ng mga guro at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng “descriptive-correlational” na uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsagot sa isang sorbey na naglalayong suriin ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng lawak ng paggamit ng teknik sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay “descriptive” dahil binibigyang kahulugan ang lawak ng paggamit ng teknik sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ito din ay “correlational” dahil ito ay sumusukat sa mahalagang ugnayan sa pagitan ng “independent at dependent variables” sa pananaliksik na ito. Ang lokasyon ng pag-aaral na ito ay ang Sambulawan Elementary School, isa sa mga paaralan sa Leyte District I, Schools Division of Leyte, Leyte. Ang mananaliksik ay gumamit ng sarbey kwestiyoner na ginamit ni Marzano et al., (2003) sa kanyang pananaliksik na “Classroom Management That Works”. Ang sarbey kwestiyoner ay binubuo ng 20 aytem na nagpapahayag ng lawak ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan. Samantala, upang masuri ang lebel ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, ang mananaliksik ay kukuha ng mga datos sa kabuuang grado ng mga bata sa asignaturang Filipino sa nagdaang school year 2024-2025. Pinagtatibay ng mga resulta ng pananaliksik na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng mga teknik sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang epektibong pagpapatupad ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan ay may malaking impluwensya sa pagbuo ng positibong kapaligiran sa pagkatuto na nagreresulta sa mas mataas na akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mataas na marka sa iba’t ibang dimensyon ng pamamahala ng silid-aralan, partikular sa pamamahala ng asal, oras, kapaligiran ng silid-aralan, at ugnayan sa mag-aaral, kasama ng napatunayang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga ito at ng akademikong pagganap, ay nagpapakita ng mahalagang papel ng mga guro sa pagbibigay ng malinaw na estratehiya, maayos na sistema, at positibong ugnayan sa loob ng klase.

Keywords — Lawak, Paggamit, Teknik, Pamamahala, Silid-Aralan, Guro, Akademikong Pagganap, Mag-aaral, Filipino

I. Introduction

Ang pagbabago ng edukasyon dala ng teknolohiya, ekonomiya at pwersang kultural sa ika-21 na siglo ay nagdudulot sa mabilisang pagpapalit ng sistema ng edukasyon sa buong mundo. Ang mataas na edukasyon sa iba't ibang sulok ng mundo ay may kanya-kanya ring paraan ng pagbabago sa sistema ng edukasyon lalung-lalo na mas madali para sa kanila ang pagkalap ng impormasyon at pakikipagkomunikasyon gamit ang makabagong teknolohiya. Ngunit, ayon sa pag-aaral ni Hosseini (2015) na may mga guro na tradisyunal pa rin ang paraan ng pagtuturo kahit na lumaganap na ang pagbabago sa kasalukuyang panahon, nanatili pa ring nakapokus sa nilalaman, nakasentro sa guro, nakatuon sa pagtatalakay at pagpapaliwanag sa nilalaman at nakaangkla sa pagsunod sa mga palisiyang pedagohikal.

Sa pag-aaral nina Hans at Akhter (2013) iginiit na ang mga guro, na pumasok sa larang ng edukasyon ay napakaikli lamang ng panahon sa karanasan sa paghahanda na walang pagsasanib sa teknolohikal na leksyon o kaya literasi sa pormal na digital na pagunlad sa edukasyunal na kaligiran. Nangangahulugan lamang na sadyang makabuluhan ang teknolohiya sa larang ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mabisang pamamahala sa silid-aralan ay isa sa mga mahahalagang paraan ng paghahanda dahil ito ay may napakapositibong epekto sa kakayahang magturo at kakayahan ng iyong mga mag-aaral na matuto. Kung walang mahusay na pamamahala sa silid-aralan, maaaring lumitaw ang isang negatibong kapaligiran sa pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral ay nawawalan ng sigla at ginulo, at ang mga guro ay nai-stress at kalaunan ay nakakaramdam ng pagkasunog at pagbagsak nga akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang wastong pamamahala sa silid-aralan, sa kabilang banda, ay nagreresulta sa isang sitwasyon kung saan ang oras at lakas ng isang guro ay pangunahing nakatuon sa pagtuturo na may mas kaunting oras na nasayang sa pagharap sa pamamahala ng pag-uugali.

Habang ang matagumpay na pamamahala sa silid-aralan ay nangangailangan ng pagpapalano, paghahanda, at pagsisikap sa mga unang yugto ng aralin, ginagawa nitong mas madali ang pagtuturo sa huli. Nagreresulta din ito sa pinabuting pag-unlad ng mag-aaral dahil nag-aaral sila sa isang kapaligiran kung saan malinaw ang mga inaasahan at may kaunting mga pagkaantala.

Naipakita sa pag-aaral nila Marzano et al., (2003) na ang mahusay na pamamahala ng silid-aralan ay may direktang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin nila na ang malinaw na mga patakaran, istraktura, at pagkakapare-pareho sa pagdisiplina ay nagdudulot ng positibong kapaligiran sa pagkatuto. Ang mga guro na may mahusay na classroom management skills ay nakakamit ng mas mataas na antas ng pagkatuto sa kanilang klase.

Ayon pa din kay Oyetunde & Osokoya (2017) na ang paggamit ng proactive strategies tulad ng seating arrangements, group work, at behavior reinforcement ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng konsentrasyon at pagkatuto ng mga estudyante. Ang kakulangan sa maayos

na classroom management ay nagiging sanhi ng kaguluhan na bumababa sa academic performance.

Isa sa mga lokal na pananaliksik na isinagawa Reyes (2020), lumitaw na ang mga gurong gumagamit ng visual cues, positive reinforcement, at collaborative learning setups ay mas epektibong nakapagpapaabot ng aralin. Tumaas din ang partisipasyon ng mga mag-aaral, na naging dahilan ng pagtaas ng kanilang academic performance.

Dahil sa mga pananaliksik na ito, naipakita ang kahalagahan na ang mabuting pamamahala ng silid-aralan ay nakapagbibigay nga matagumpay na pagganap sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa elementarya. Kaya nga, ang mananaliksik ay nagkaroon ng motibasyon na pag-aaralan ito upang suriin ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng lawak ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Isang mungkahing plano para sa pagpapabuti ang bubuun batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng lawak ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng Sambulawan Elementary School, Leyte 1 District, Leyte Division. Ang paggawa ng isang mungkahing plano para sa pagpapabuti ang bubuun batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Layunin din na sagutin ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Gaano kalawak ang paggamit ng mga teknik sa pamamahala ng silid-aralan ng guro?
2. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino?
3. May makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng lawak ng paggamit ng teknik sa pamamahala ng silid-aralan ng mga guro at ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino?
4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

II. Methodology

Design. Isinagawa ang pag-aaral na ito gamit ang “descriptive-correlational” na disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagsagot sa isang sorbey na naglalayong suriin ang mahahalagang ugnayan sa pagitan ng lawak ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Itinuring ang pananaliksik na ito bilang "descriptive" sapagkat binigyang-kahulugan nito ang lawak ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan at ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa nasabing asignatura, at bilang "correlational" naman dahil sinukat nito ang ugnayan sa pagitan ng mga "independent at dependent variables" ng pag-aaral. Isinagawa ang pananaliksik sa Sambulawan

Elementary School, isa sa mga paaralan sa Leyte District I, Schools Division of Leyte, Leyte, na matatagpuan sa Barangay Sambulawan. Nasa gitna ito ng barangay at may layong 4.8 kilometro mula sa Poblacion ng Leyte, Leyte, na madaling mararating gamit ang anumang uri ng transportasyong panglupa. Kabilang ang paaralan sa kategoryang “maliit” batay sa laki at dami ng populasyon at pinamumunuan ng isang Punong-guro. Binubuo ito ng isang Master Teacher I, isang Teacher I, at anim na Teacher III na may kabuuang siyam na guro. May koneksyon sa internet ang paaralan at karaniwang ginagamit ang tanggapan ng Punong-guro bilang lugar ng pagpupulong ng mga guro. Mayroon din itong palaruan kung saan ginaganap ang mga programa at iba pang aktibidad ng paaralan. Ang lahat ng silid-aralan ay maayos ang pagkakayari at pinananatiling malinis at organisado ng mga guro, at may mga basurahan sa bawat sulok upang maturuan ang mga mag-aaral sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran ng paaralan.

Sampling. Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay binubuo ng siyam (9) na gurong nagturo at isang daang (100) piling mag-aaral sa lokal ng pananaliksik na ito. Kumpletong pag-isa-isa ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga guro at mag-aaral na naging tagatugon sa pag-aaral na ito.

Research Procedure. Matapos maaprubahan ang pananaliksik, isinagawa ang pangangalap ng datos. Isinumite ng mananaliksik ang mga kahilingan sa liham sa mga wastong awtoridad para sa pag-apruba. Una, isang sulat na kahilingan ang isinumite sa Schools Division Superintendent para sa pag-apruba upang magpatuloy sa pangangalap ng datos mula sa mga natukoy na respondente. Pagkatapos maaprubahan ng SDS, isinumite rin ang mga liham ng pahintulot sa Superbisor ng Distrito ng Pamublikong Paaralan at Punong-guro ng Paaralan. Matapos makuha ang lahat ng kinakailangang pahintulot, nagpatuloy ang mananaliksik sa aktwal na pangangalap ng datos. Nagsagawa ang mananaliksik ng oryentasyon sa mga respondente at humingi ng permit o pahintulot mula sa kanila bilang patunay ng kanilang kusang loob na pagpayag na lumahok sa pag-aaral. Ipinamahagi ang survey questionnaire sa mga respondente at binigyan sila ng sapat na oras upang sagutan ito. Pagkatapos maisagawa ang survey at makuha ang mga grado ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, kinolekta, tinabulate, at isinumite ang mga resulta para sa istatistikal na pagsusuri. Samantala, inuuna ng mananaliksik ang kapakanan at kabutihan ng mga kalahok sa buong proseso ng pangangalap ng datos. Nagbigay din ng espesyal na pangangalaga upang matiyak na hindi makaramdam ng anumang hindi kanais-nais ang mga kalahok habang sinasagutan ang mga katanungan. Iginagalang din ng mananaliksik ang awtonomiya at malayang paglahok ng mga impormante at tiniyak na wala sa kanila ang napilit na magbigay ng tugon na labag sa kanilang kagustuhan. Bago isinagawa ang pag-aaral, nagbigay ng pahintulot ang superbisor ng mga gurong nagsasanay bilang patunay ng etikal at responsableng pagsasagawa ng pananaliksik. Sa hakbang na ito, tiniyak na may sapat na kaalaman ang mga kalahok tungkol sa katangian, layunin, at anumang potensyal na panganib o benepisyong kaugnay ng kanilang paglahok. Bukod dito, maingat na pinrotektahan ng mananaliksik ang kompidensiyalidad at pagkakakilanlan ng mga kalahok at ng paaralang kasangkot. Pinangalagaan ang lahat ng personal na impormasyon upang mapanatili ang mataas na antas ng pagiging kompidensiyal, kabilang na

ang pagsunod sa mga angkop na hakbang sa pagprotekta ng datos at pagtupad sa mga etikal na alituntunin sa pangangalap at paggamit ng mga datos. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa kapakanan ng mga kalahok, paghingi ng pahintulot, at pagprotekta sa pagiging kompidensiyal ng mga impormasyon, naipakita ng mananaliksik ang pagsunod sa tamang proseso ng pagsasagawa ng pag-aaral nang may mataas na konsiderasyong etikal at pagiging responsable. Ang mga hakbang na ito ay hindi lamang nakatiyak sa mga karapatan at kaligtasan ng mga kalahok kundi nakatulong din sa pangkalahatang kredibilidad at integridad ng mga natuklasan sa pag-aaral.

Ethical Issues. The researcher obtained the necessary written permission from the authorities to conduct the study. While developing and checking the survey used in the study, the use of offending, discriminatory, or other undesirable terminology was eschewed. The names of the respondents and other personal information were not included in this study to ensure confidentiality. The respondents were also voluntarily participating. Orientation was done for the respondents. During orientation, concerns and issues were clarified, and consent to be part of the study was signed. The researcher-maintained objectivity in discussing and analyzing the results. All authors whose works were cited in this study were correctly quoted and were acknowledged in the reference.

Treatment of Data. Ang mga quantitative na tugon ay tinalay at tinabulate. Ang mga datos ay isinailalim sa istatistikal na pagsusuri gamit ang mga sumusunod na instrumento: Ginamit ang Simple Percentage at Weighted Mean upang matukoy ang lawak ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan at ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Samantalang ginamit naman ang Pearson r upang matukoy ang mahalagang ugnayan sa pagitan ng antas ng lawak ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa nasabing asignatura.

III.Results and Discussion

Hanay 1

Antas sa mga Teknik sa Pamamahala ng Silid-Aralan

	A. Pamamahala sa Asal ng Mag-aaral	Weighted Mean	Interpretation
1	Agad kong tinutugunan ang mga kaguluhan sa klase upang maiwasan ang pagkaantala ng aralin.	5.0	Lubos na Sumasang-ayon
2	Gumagamit ako ng gantimpala upang palakasin ang positibong asal.	5.0	Lubos na Sumasang-ayon
3	Inaanyayahan ko ang mga mag-aaral na makilahok sa paggawa ng tuntunin ng klase.	5.0	Lubos na Sumasang-ayon
4	Sinisikap kong pigilan ang maling asal gamit ang hindi marahas na pamamaraan.	5.0	Lubos na Sumasang-ayon
5	Gumagamit ako ng visual cues upang ipaalala ang tamang pag-uugali.	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
	Mean	4.92	Lubos na Sumasang-ayon

	B. Pamamahala sa Oras		
1	Tinitiyak kong nagsisimula at natatapos ang klase sa itinakdang oras.	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
2	Pinaplano ko ang bawat sesyon upang hindi masayang ang oras ng pagtuturo.	5.0	Lubos na Sumasang-ayon
3	May maayos akong sistema para sa daily routines ng klase.	4.70	Lubos na Sumasang-ayon
4	Isinasama ko ang time-bound activities upang masanay sa oras ang mga mag-aaral	4.75	Lubos na Sumasang-ayon
5	Nababalanse ko ang oras ng talakayan at gawaing pampalawak.	4.50	Lubos na Sumasang-ayon
	Mean	4.71	Lubos na Sumasang-ayon
	C. Pamamahala sa Kapaligiran ng Silid-Aralan		
1	Inaayos ko ang upuan upang mapadali ang interaksyon sa klase.	5.0	Lubos na Sumasang-ayon
2	May sapat na visual materials akong ginagamit upang mapadali ang pagkatuto.	4.40	Lubos na Sumasang-ayon
3	Tinitiyak kong ligtas at malinis ang pisikal na espasyo ng silid-aralan.	4.55	Lubos na Sumasang-ayon
4	Inilalagay ko sa tamang lugar ang mga kagamitan upang madaling ma-access.	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
5	Inaayos ko ang lighting at ventilation ng silid upang maging komportable sa pag-aaral.	4.50	Lubos na Sumasang-ayon
	Mean	4.61	Lubos na Sumasang-ayon
	D. Pamamahala sa Ugnayan sa Mag-aaral		
1	Nakikinig ako sa mga hinaing o suhestyon ng mga mag-aaral.	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
2	Ginagamit ko ang pangalan ng mag-aaral kapag kinausap sila upang ipakita ang respeto.	4.60	Lubos na Sumasang-ayon
3	Pinupuri ko ang mag-aaral sa bawat maliit na pagsusumikap.	5.00	Lubos na Sumasang-ayon
4	Ipinapakita ko ang empatiya kapag sila ay may problema.	5.00	Lubos na Sumasang-ayon
5	Ginagabayan ko ang mga mag-aaral sa pagbuo ng positibong ugnayan sa isa't isa.	5.00	Lubos na Sumasang-ayon
	Mean	4.84	Lubos na Sumasang-ayon
	Grand Mean	4.77	Lubos na Sumasang-ayon

Legend:

RANGES	DESCRIPTION
4.21- 5.00	Lubos na Sumasang-Ayon
3.41- 4.20	Sumasang-Ayon
2.61-3.40	Hindi Tiyak
1.81- 2.60	Hindi Sumasang-ayon
1.00-1.80	Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Batay sa nakalap na datos hinggil sa lawak ng pamamahala ng silid-aralan, lumitaw na mataas ang naging marka sa lahat ng dimensyon, na may kabuuang grand mean na 4.77, na may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon, batay sa itinakdang weighted mean scale. Sa partikular,

ang Pamamahala sa Asal ng Mag-aaral ay nakakuha ng mean na 4.92 (Lubos na Sumasang-ayon) na nagpapakita ng matibay na pagpapatupad ng mga estratehiya upang mapanatili ang kaayusan at positibong asal sa loob ng klase, tulad ng agarang pagresolba sa kaguluhan, paggamit ng gantimpala, at aktibong paglahok ng mga mag-aaral sa paggawa ng tuntunin. Ang Pamamahala sa Oras naman ay nakakuha ng mean na 4.71 (Lubos na Sumasang-ayon), na nagpapahiwatig na mahusay ang pagpapalano ng guro sa oras ng pagtuturo, pagtiyak na nasusunod ang itinakdang oras, at pagpapatupad ng mga gawain na nagsasanay sa mga mag-aaral sa pagiging disiplinado sa oras. Sa Pamamahala sa Kapaligiran ng Silid-Aralan, nakapagtala ng mean na 4.61 (Lubos na Sumasang-ayon), na nagpapakita na maayos ang pisikal na kaayusan ng silid-aralan, sapat ang mga visual materials, at isinasaalang-alang ang kaligtasan at kalinisan ng paligid na nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto. Samantala, sa Pamamahala sa Ugnayan sa Mag-aaral, nakapagtala ng mean na 4.84 (Lubos na Sumasang-ayon), na nangangahulugang malaki ang pagpapahalaga ng mga guro sa pagpapatatag ng relasyon sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig sa kanilang saloobin, nagpapakita ng respeto, pagpuri sa kanilang pagsusumikap, at paggabay sa kanila sa pagkakaroon ng positibong ugnayan sa isa't isa. Ang mataas na marka sa lahat ng dimensyon ay nagpapahiwatig na epektibo at sistematiko ang mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan na ginagamit ng mga guro. Gayunpaman, bagamat lahat ng aspeto ay nakakuha ng Lubos na Sumasang-ayon, maaaring pagtuunan pa rin ng pansin ang patuloy na paglinang ng mga makabagong estratehiya upang lalo pang mapabuti ang kaayusan, ugnayan, at produktibong kapaligiran sa loob ng klase. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na mahalaga ang epektibong pamamahala ng silid-aralan sa paglikha ng isang positibo, organisado, at ligtas na lugar ng pagkatuto na nakatutulong sa pagtaas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Hanay 2

Lebel ng Akademikong Pagganap ng Mag-aaral sa Filipino

No.	Interpretation	Scale	Frequency	Percentage
5	Outstanding	90-100	25	24
4	Very Satisfactory	85-89	36	35
3	Satisfactory	80-84	31	30
2	Fairly Satisfactory	75-79	12	11
1	Did Not Meet Expectations	Below 75	0	0
	Total		104	100
	Average		85.31	Very Satisfactory

Batay sa nakalap na datos hinggil sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, lumitaw na karamihan sa kanila ay nakapaloob sa categoryang Very Satisfactory, na may kabuuang 36 o 35% ng kabuuang bilang ng mga respondente. Sumunod dito ang categoryang Satisfactory na may 31 o 30%, habang may 25 o 24% ng mga mag-aaral ang nasa categoryang Outstanding. Mayroon namang 12 o 11% na nasa Fairly Satisfactory, at wala ni isa ang nabibilang sa categoryang Did Not Meet Expectations o may marka sa ibaba ng 75. Ang kabuuang average ng mga marka ay 85.31, na pasok sa interpretasyong Very Satisfactory, ayon sa

itinakdang scale. Ipinapakita ng resultang ito na sa pangkalahatan, maayos at kasiya-siya ang naging akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Gayunpaman, nangangahulugan din ito na may puwang pa para sa pagpapabuti, lalo na para sa mga mag-aaral na nakakuha ng mas mababang marka, upang matiyak na mas marami pa ang makakamit ng mas mataas na antas ng pagganap at mas lalong mapalakas ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa nasabing asignatura.

Hanay 3

Test of Relationship

Variables Correlated	r	Computed value or t	Table Value @.05	Decision on Ho	Interpretation
Antas sa mga Teknik sa Pamamahala ng Silid-Aralan to Academic Performance	0.59	2.933	2.349	Reject Ho	Significant Relationship (Moderate)

Batay sa resulta ng pagsusuri, lumabas na ang antas ng mga teknik sa pamamahala ng silid-aralan ay may Pearson r na 0.59, na nagpapahiwatig ng moderate na ugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang computed t-value na 2.933 ay mas mataas kumpara sa table value na 2.349 sa antas ng kahalagahan na 0.05, kaya't ni-reject ang null hypothesis (Ho). Ibig sabihin, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng mga teknik sa pamamahala ng silid-aralan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng resultang ito na habang mas epektibo ang pamamahala ng silid-aralan, mas nagiging maganda ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, bagamat nasa katamtamang antas pa lamang ng ugnayan, nangangahulugang may iba pang salik na maaaring nakaapekto rin sa akademikong resulta.

IV. Conclusion

Pinagtitibay ng mga resulta ng pananaliksik na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng mga teknik sa pamamahala ng silid-aralan at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang epektibong pagpapatupad ng mga estratehiya sa pamamahala ng silid-aralan ay may malaking impluwensya sa pagbuo ng positibong kapaligiran sa pagkatuto na nagreresulta sa mas mataas na akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mataas na marka sa iba't ibang dimensyon ng pamamahala ng silid-aralan, partikular sa pamamahala ng asal, oras, kapaligiran ng silid-aralan, at ugnayan sa mag-aaral, kasama ng napatunayang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga ito at ng akademikong pagganap, ay nagpapakita ng mahalagang papel ng mga guro sa pagbibigay ng malinaw na estratehiya, maayos na sistema, at positibong ugnayan sa loob ng klase. Alinsunod dito, mahalagang patuloy na palakasin ang pagsasanay ng mga guro sa epektibong pamamahala ng silid-aralan, pagbibigay ng sapat na suporta ng administrasyon, at paglikha ng mga programang naglalayong pagyamanin ang kakayahan ng mga guro sa pamumuno sa loob ng klase. Gayundin,

dapat pagtuunan ng pansin ang mga aspeto tulad ng patuloy na pagpapabuti sa ugnayan ng guro at mag-aaral, paglinang ng disiplina sa oras, at pagbibigay ng ligtas at maayos na kapaligiran upang matiyak na lubos na nakikinabang ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

V. Recommendations

1. Cro Magamit ang plano ng pagpapabuti na naimungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.
2. Magsagawa ng regular na seminar at pagsasanay para sa mga guro hinggil sa mabisang teknik sa pamamahala ng silid-aralan, gaya ng positibong disiplina, epektibong pagbuo ng classroom routines, paggamit ng visual cues, at learner-centered strategies upang mapanatili ang kaayusan at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase.
3. Sa mga obserbasyon at coaching sessions ng mga school heads, kailangang isama sa pagmomonitor ang mga konkreong indikasyon ng epektibong classroom management, lalo na sa pagtuturo ng Filipino, upang masigurong naipapatupad ito ng maayos at may kaukulang gabay.
4. Maglaan ng mga **angkop na kagamitang panturo** at **visual organizers** (tulad ng mga word walls, behavior charts, at anchor charts) na makatutulong sa mga guro upang mas mapadali ang pamamahala ng klase habang nagtuturo ng mga kasanayang pangwika.
5. Hikayatin ang mga guro sa pamamagitan ng Learning Action Cell (LAC) sessions na magbahaginan ng kanilang mga epektibong classroom management strategies at mga inobasyon sa pagtuturo ng Filipino upang mapaunlad ang kabuuang antas ng pagtuturo sa paaralan.
6. Gamitin ang mga resulta ng formative at summative assessment upang suriin kung alin sa mga teknik sa pamamahala ng klase ang may positibong epekto sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, at mula rito ay magdisenyo ng karampatang interbensyon, at
7. Gamitin ang datos ng pananaliksik bilang batayan sa pagbuo ng mga school-based policy at programang pang-kaunlaran para sa classroom management, na may layuning itaas pa ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa lahat ng antas.

ACKNOWLEDGMENT

I would like to express my heartfelt gratitude to all those who have supported and guided me throughout the journey of completing this thesis. First and foremost, Praises and Thanks to our Lord and Savior Jesus Christ, for His presence, provision, protection, and preservation. To Dr. Jasmine B. Misa, my thesis adviser, I am deeply thankful for those whose unwavering support,

encouragement, invaluable insights, and mentorship have been instrumental in shaping this research. Your dedication to excellence and your patience in guiding me through the complexities of this project have been truly remarkable. I extend my appreciation to the faculty members of the Graduate Department of Western Leyte College for their wisdom, encouragement, and commitment to fostering an environment of academic growth. I am grateful to the members of my Thesis Committee and Panel Examiners headed by Dr. Bryant C. Acar, Chairman and Scribe of the Pre and Oral Examination panel, together with Dr. Annabelle A. Wenceslao and Dr. Elvin H. Wenceslao for their constructive feedback and valuable suggestions. To my DepEd Leyte Division Family headed by Dr. Mariza Sabino- Magan Ed. D. CESO V for allowing me to conduct this study in my school. To my Sambulawan Elementary School family, headed by eloquent and warm-hearted School Head, Miss Cozy T. De La Peña, for having been instrumental in the realization of this endeavor. I want to acknowledge the contributions of my Sambulawan Elementary School family who have provided valuable discussions, assistance, and moral support during this research journey. Your camaraderie has made this experience both educational and enjoyable. To Sir Armando S. Quilisadio, the Leyte I District Supervisor for his encouragement, pieces of advice and for giving the opportunity to administer the study and to grow professionally. To my loving parents, Enrique Sr. and Marissa L. Sulla, my brothers and sister your unconditional love, understanding, and encouragement have been my pillars of strength. Your belief in my abilities has been a constant source of motivation. Lastly, I dedicate this work to my husband Benjamin P. Endrino whose patience, love, and unwavering support have been the foundation upon which I could build this thesis. Your belief in me and your sacrifices to ensure I had the time and space to focus on my research are deeply appreciated and my children Francis Jamire and Jasmine Claire for being my inspiration all the time. This thesis would not have been possible without the collective support and guidance of all these wonderful individuals. I am truly grateful for the opportunities and resources provided to me throughout this academic endeavor. Thank you for being a part of this journey and for helping me reach this milestone.

REFERENCES

- [1] Gallego, P., & Caingcoy, M. (2020). Competencies and Professional Development Needs of Kindergarten Teachers. <https://core.ac.uk/download/552966921.pdf> MEI : India Speaks November 2021. <http://www.mei.org.in/india-speaks-148>
- [2] Catayas, C. & Hussien, O. Q. (2022). Classroom Management Strategies, Practices, and Their Impact on Academic Performance.
- [3] Jabian, S., & Tadle, R. (2020). Effective Classroom Management Techniques and Academic Achievement of Students. [Ejournals.ph]
- [4] Santos, R. (2021). The Relationship Between Classroom Management and Academic Achievement: A Constructivist Perspective. [IJARP]
- [5] Dela Cruz, M. & Morales, F. (2019). Teacher Behavior and Student Performance: A Social Learning Perspective. [JPAIR]
- [6] De Leon, A. (2023). Transactional Teaching in Elementary Classrooms: Enhancing Student Outcomes through Positive Interactions.

- [7] Marzano, R. J., Marzano, J. S., & Pickering, D. J. (2003). Classroom Management That Works: Research-Based Strategies for Every Teacher. ASCD.
- [8] Evertson, C. M., & Weinstein, C. S. (Eds.). (2006). Handbook of Classroom Management: Research, Practice, and Contemporary Issues. Lawrence Erlbaum Associates.
- [9] Emmer, E. T., & Evertson, C. M. (2017). Classroom Management for Middle and High School Teachers. Pearson.
- [10] Jones, F. H. (2016). Tools for Teaching: Discipline, Instruction, Motivation. Fredric H. Jones & Associates.
- [11] Pianta, R. C. (2006). Classroom Management and Relationships between Teachers and Students: Implications for Research and Practice. School Psychology Review.
- [12] Ahsan, Sumera, Hossen, Anwar, Jahan, Ishrat, Mahmood, Ayesha, Ara Mim, Mahina Rowsun, Sohely, Ssbiha Jahan, Ahmed, Shah Shamin and Ara Begum, Hosne. (2022). Teachers' Perceived Level of TPACK and the Influence of Demographic Factors: the Context of Higher Education in Bangladesh. International Journal Smart Technology and Learning, Vol. 10.
- [13] Aikins, M.V., & Akuffo, G.T. (2022). Using ICT in the Teaching and Learning of Music in the Colleges of Education During a Pandemic Situation in Ghana. Malaysian Online Journal of Educational Technology.
- [14] Al-Nofaie, H. (2023). A Road Map to English Language Teaching in the Post-Pandemic Era: An Adaptation of Pedagogical Authority Approach. Creative Education. 4
- [15] Arcueno, Grace G., Argam Honeyeth A., Manalili, Trina Arriane C., Garcia, John Addy S. (2021). Technological Pedagogical Content Knowledge and Emergency Remote Teaching: Understanding Teacher Decisions and Challenges with Integrating Technology in Planning Lessons and Instruction. DLSU Research Congress 2021, De La Salle University, Manila, Philippines.
- [16] Aslam, R., Khan, N., Asad, M.M. and Ahmed, U. (2021), Impact of Technological Pedagogical Content Knowledge on Teachers' Digital Proficiency at Classroom in Higher Education Institution of Pakistan. Interactive Technology and Smart Education, Vol. 18 No. 1, pp. 119-130. <https://doi.org/10.1108/ITSE-11-2020-0222>
- [17] Badsah, Hanin. (2021). An Overview of Pedagogy, Teacher's Pedagogical Knowledge Base and Teaching. Interntional Journal of Research Publication and Reviews, Vol. 2, Issue 2, pp, 83 – 85.
- [18] Cartens, Kaite J., Mallon, Jaime M., Bataineh, Mohamed & AlBataineh, Adel. (2021). Effects of Technology on Student Learning. TOJET: The Ti=urkish Online Journal of Educational Technology, Vol. 20, Issue 1, pp. 105 – 113.
- [19] Conceição, Teresa; Baptista, Monica da Ponte, Joao Pedro. (2022). Examining Pre-Service Science Teachers' Pedagogical Content Knowledge through Lesson Study. EURASIA Journal of Mathematics, Science and Technology Education, Vol. 18, No. 1, pp. 1 – 15. Retrived from: <https://www.ejmste.com/download/examining-pre-servicescience-teachers-pedagogical-content-knowledge-throughlesson-study-11442.pdf>
- [20] Daniel, M. (2013). Role of Technology in Teaching Language. International Journal of Innovative Research in Science, Engineering and Technology, 2, 2287-2293. Vol. 2, pp. 2287-22
- [21] Dewi, Novi Ratna; Rusilowati, Ani; Saptono, Sigit; Haryani, Shri; Wiyanto, Wiyanto; Ridlo, Saiful; Listiaji, Presetyo; & Atunnisa, Rifa. (2021). Technological, Pedagogical, Content

- Knowledge (TPACK) Research Trends: A Systematic Literature Review of Publications between 2010 – 2020. *Journal of Turkish Science Education*, Vol. 18, No. 4, pp. 598 – 604.
- [22] Ghory, Siyamoy & Ghafory, Hamayoon. (2021). The Impact of Modern Technology in the Teaching and Learning Process. *International Journal of Innovative Research and Scientific Studies*, Vol. 4, Issue 3, pp. 168 – 173.
- [23] Guerriero, Sonia (Ed.). (2017). *Pedagogical Knowledge and the Changing Nature of the Teaching Profession*. Center for Educational Research and Innovation: Paris. Retrieved from: https://www.oecd.org/en/publications/pedagogical-knowledgeand-the-changing-nature-of-the-teachingprofession_9789264270695-en.html. Retrieved on: January 23, 2025.
- [24] Illanangingtyas, Tenika. (2022). The Students' Perception of English Language Teaching in the Post-Pandemic Era. *Jurnal Koulutus*, Vol. 5, No. 1, pp. 11 – 22.
- [25] Jain, Jasmine; Ling, Lee Yee; Jin, Mok Shu. (2024). A Systematic Review of Pedagogical Content Knowledge for Teaching Nature of Science. *Asian Journal of University Education*, Vol. 20, No. 1, pp. 138 – 151.
- [26] Juancho, Cheryl J. (2021). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagogikal at Kaalamang Pangnilalaman. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, Vol. 9, No. 1, pp. 1 – 11. 16. Kurt, Serhat. (2019, September
- [27] TPACK: Technological Pedagogical Content Knowledge Framework. *Educational Technology*. Retrieved from: <https://educationaltechnology.net/technological-pedagogicalcontent-knowledge-tpack-framework/>. Retrieved on: January 12, 2025.
- [28] Maiti, A., Sadeghi, A., Ciocarlie, G.F., & Tague, P. (2022). Wireless and Mobile Security Research and Teaching in the PostPandemic World. *Proceedings of the 15th ACM Conference on Security and Privacy in Wireless and Mobile Networks*.
- [29] Mulyadi, Dodi; Wijayatingsih, Testiana Deni; Budiastuti, Riana Eka; Aimah, Siti. (2020). Technological Pedagogical and Content Knowledge of ESP Teachers in Blended Learning Format. *International Journal of Emerging Technologies in Learning*, Vol. 15, No. 06, pp. 124 – 139.
- [30] Petko, Dominik; Mishra, Punya, & Koehler, Matthew J. (2025). TPACK in Context. An Updated Model. *Computers and Education Open*, Vol. 8, pp. 1 – 5.
- [31] Pratiwi, R. (2022). The Effect of Using Zoom Towards online English Teaching and Learning Process in the Post Pandemic Era. *EDUKATIF: JURNAL ILMU PENDIDIKAN*.
- [32] Putman, Hannah. (2021, July 8). The Importance of Content Knowledge for Elementary Teachers. National Council on Teacher Quality. Retrieved from: <https://www.nctq.org/researchinsights/the-importance-of-content-knowledge-for-elementaryteachers/>. Retrieved on January 8, 2025.
- [33] Sonsupap, Kanyarat; Cojorn, Kanyarat; Sitti, Somsong. (2024). The Effects of Teachers' Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) on Students' Scientific Competency. *Journal of Education and Learning*, Vol. 13, No. 5, pp. 91 – 101.
- [34] Thomson, Hannah. (2023, January 31). The Importance of Developing Pedagogical Content Knowledge for Improving Teaching Expertise. *Impact Online Article*. Retrieved from: https://my.chartered.college/impact_article/the-importance-ofdeveloping-pedagogical-content-knowledge-for-improvingteaching-expertise/. Retrieved on: December 28, 2024.
- [35] Tortola, Riches L. (2024). Evaluating Technology Integration in the Philippines: A Narrative Review of Enhancing Elementary Teachers' Classroom Management Practices. *International Journal of Academic Multidisciplinary Research*, Vol. 8, Issue 6, pp. 188 – 193.

- [36] Townsend, Jenna. (2024, August 5). TPACK Model Explained with Examples for the Classroom. Retrieved from: <https://nearpod.com/blog/tpack/>, Retrieved on: January 12, 2025.
- [37] Villanea, A. (2023). Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino.
- [38] World Bank. (2020). The World Bank's Education Response to Covid-19. Retrieved from: <https://www.worldbank.org/en/topic/education/coronavirus>. Retrieved on November 12, 2024
- [39] Xia, Q. (2022). Innovative Practice of Foreign Language Teaching in the Post-Pandemic Era: Case of a University in China. Global Journal of Human-Social Science.

AUTHOR'S PROFILE



MS. JERALYN S. ENDRINO

Endrino Jeralyn, born on March 07, 1983, in Brgy Poblacion Leye, Leyte, is a dedicated educator known for her commitment to nurturing continuous learning and empowerment among her learners. Her journey in education began at Leyte Central School, followed by her secondary education at Leyte Agro Industrial School.

Jeralyn continued her academic journey at Leyte Normal University - Tacloban City , where she earned her Bachelor of Elementary Education, specializing in Filipino, in 2004. She passed the Licensure Examination for Teachers (LET), marking the official start of her teaching career.

Despite the demands of being a full-time mom to her children, Francis Jamire and Jasmine Claire Endrino has consistently pursued professional growth. Her commitment to lifelong learning led her to enroll in a Master of Arts in Education (MAEd) program, majoring in Filipino. She successfully completed the academic requirements for her MAEd in July 2025, driven by her diverse experiences and the support of different groups she encountered through her academic journey.

Currently, Endrino is an esteemed Grade 3 teacher at Sambulawan Elementary School Leyte , Leyte. Her dedication to education, combined with her rich background in community involvement, continues to inspire her students and peers, highlighting her unwavering commitment to making a meaningful impact in the educational landscape.